[Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance](https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda)

Manuscript 1067

# "Dito lang kami sa aming bahay": Kapangyarihan at Kalusugan sa mga Piling Aklat Pambatang Filipino tungkol sa Pandemyang COVID-19 (2020-2021) ("We will just stay at home": Power Relations and Health System in Selected Filipino Children's Books about COVID-19 Pandemic [2020-2021])

Jose Monfred C. Sy

Follow this and additional works at: https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda

Part of the Comparative Literature Commons, and the South and Southeast Asian Languages and Societies Commons

RESEARCH ARTICLE

# “Dito lang kami sa aming bahay”: Kapangyarihan at Kalusugan sa mga Piling Aklat Pambatang Filipino tungkol sa Pandemyang COVID-19 (2020–2021)

Jose Monfred C. Sy
University of the Philippines Diliman, Philippines
jcsy3@up.edu.ph

**Abstrak**
Sa gitna ng pandemyang COVID-19 na sumiklab noong Marso 2020, umusbong ang maraming aklat pambatang may layuning ituro sa mambabasa kung paano umiwas sa sakit at umangkop sa mga pagbabago sa pang-araw-araw na buhay buhat nang tinatawag na “new normal.” Malaki ang papel ng pagbabasa sa pag-unlad ng mga batang Pilipino na nawalan ng pagkakataong masosyalisa kasama ng kapwa bata sa mga espasyo tulad ng paaralan at palaruan. Layunin ng papel na ito na suriin kung paano inilalarawan ng mga aklat pambatang Filipino ang mga bata sa konteksto ng pandemya. Kung kinikilala ng lipunan ang pangangailangan na limitahan ang mobilidad ng mga bata, inaalam ng kasalukuyang pag-aaral kung paano sinisipat, pinaiigting, at/o tinatawaran ng mga akda ang kapangyarihan ng bata na unawain at alpasan ang mga banta, limitasyon, at pagbabago sa ilalim ng pandemya. Sumasalig ang papel na ito sa dalumat ng bata bilang “ahente ng pagbabago sa kalusugan” (“health change agent”) na may kakayahang matutuhan ang mga paraan upang mapabuti ang kanilang kalusugan habang lumalaki. Kinikilatis ko ang mga ugnayang pangkapangyarihang nananalaytay sa pitong aklat pambatang tumatalakay sa pandemya na inilathala mula 2020 hanggang 2021. Tinatalunton ng papel ang ugnayan ng bata sa mga magulang o matatanda, mga eksperto, iba’t ibang institusyong panlipunan, at mismong pandemya. Sa panunuring ito, matutukoy ang mga akdang may pananalig sa kapangyarihan ng batang Pilipino na humarap sa sala-salabat na krisis.

**Mga susing salita:** ahente ng pagbabagong pangkalusugan, aklat pambata, COVID-19; komunikasyong pangkalusugan, pandemya

Copyright © 2024 by De La Salle University

***"We will just stay at home": Power Relations and Health System in Selected Filipino Children's Books about COVID-19 Pandemic (2020–2021)***

***Abstract***
*Amidst the COVID-19 pandemic that broke out in March 2020, numerous children's books emerged with the aim of teaching readers how to avoid illness and adapt to the changes in their daily lives under the so-called "new normal." Reading plays a significant role in the development of Filipino children who have lost opportunities for socialization with peers in spaces like schools and playgrounds. The objective of this paper is to examine how Filipino children's books depict children within the context of the pandemic. Given that society recognizes the need to restrict the mobility of children, the current study investigates how the selected texts scrutinize, amplify, or downplay the power of children to understand and overcome threats, limitations, and changes during the pandemic. This paper relies on the concept of the child as a "health change agent" who has the capacity to learn ways to improve their health as they grow up. It examines the power dynamics presented in seven children's books published between 2020 and 2021 that discuss the pandemic. The paper explores the relationships between the child and their parents or caregivers, experts, society, and the pandemic itself. Through this analysis, it seeks to identify texts that have faith in the power of Filipino children to confront complex crises.*

***Keywords**: health change agent, children's book, COVID-19, health communication, pandemic*

## Pag-akda ng pandemya

Noong ika-11 ng Marso 2020, idineklara ng World Health Organization (WHO) ang pagkalat ng novel coronavirus (SARS-CoV-2 o mas kilala bilang COVID-19) bilang isang pandemya. Bunga ng mga kuwarentenang kinailangang ipataw upang hadlangan ang pandemya, nagsara rin ang mga paaralan, institusyong edukasyonal, at pampublikong espasyo para sa iba't ibang aktibidad. Lubhang binago nito ang danas ng mga bata—na bumubuo sa 28% ng populasyon ng daigdig—na napagkaitan ng pagkakataong masosyalisa sa kapwa bata (Pombo et al. 14; Singh et al. 2). Partikular sa Pilipinas, simula noong ika-15 ng Marso, ipinatupad ng administrasyon ni Rodrigo Roa Duterte ang lockdown sa National Capital Region (NCR) at sa mga sumunod na araw, sa buong bansa, na tinatawag na Enhanced Community Quarantine (ECQ) (Placido, Sonido, at Taguiwalo 116–7). Ipinagbawal ang malalaking pagtitipon ng mga tao at pagbiyahe papasok o palabas ng mga lugar na nakakuwarentena, kahit na may pangangailangan ang marami na lumabas ng bahay buhat noong kakulangan ng ayuda mula sa gobyerno (Bawagan, Hernandez at Vallejos 31).

Sa gitna ng malaking pangkalusugan at pang-ekonomiyang krisis dala ng pandemyang COVID-19, naging mahalaga ang pagkakaloob sa mga bata ng kaalamang huhubog sa kanilang pagharap sa sakit, sariling katawan, at kanilang kapaligiran sa harap ng mga bantang biyolohikal. Bunga na rin ng iba't ibang salik tulad ng imyuniti at pag-uugali, maaaring maging lunan ang bata ng pagkalat ng COVID-19. Sa kasamaang palad, marami sa mga lokal at pambansang estratehiya upang hadlangan ang pandemya—ang pagsasara ng mga paaralan, halimbawa—ay nababatay sa pag-aakalang walang kakayahan ang bata na umiwas sa sakit at paghawa nito sa iba (Gunn et al. 363; Leotti et al. 2).

Sa Pilipinas, bagaman nakabalik na ang ilang sektor ng lipunan sa operasyon makaraan ng ilang buwan mula Marso 2020, nanatiling sarado ang maraming establisimyento, maging mga paaralan, para sa mga bata. Kapalit ng harap-harapang interaksiyon ng mga bata, ipinasailalim ng Department of Education (DepEd) ng Pilipinas ang pagkatuto sa modang blended learning na sumasaklaw sa iba't ibang plataporma tulad ng radyo, telebisyon, streaming ng bidyo, at online na mga klase simula noong Oktubre 2020 (de Dios 2). Relatibong lumuwag ang mga limitasyon sa mobilidad noong 2022, at sa parehong taon nagsimulang magbukas ulit ang mga paaralan sa harap-harapang pagpasok. Noong Mayo 2023, idineklara na sa wakas ng WHO na hindi na isang "public health emergency of international concern" (PHEIC) ang pandemyang COVID-19 (WHO, "Statement").

Tulad ng sa ibang bahagi ng daigdig, lumitaw rin ang ilang aklat pambatang tumatalakay sa pandemya at mga pagbabagong panlipunang dulot nito. Marami sa mga ito ang nakasulat sa wikang Filipino, habang ang iba naman ay inangkat mula sa ibang bayan ngunit

isinalin sa Filipino. Masasabing isa ang pagbabasa ng mga aklat sa iilang lunsaran ng pag-unlad ng mga bata mula noong natanggalan sila ng pagkakataong makabuo ng sariling mga identidad kasama ng mga kaedaran nila sa mga espasyo tulad ng paaralan (Gunn et al. 364; Romero 221; Singh et al. 7). Sa ganitong palagay, layon ng papel na ito na siyasatin kung paano tinitingnan at kinokonstrak ng aklat pambatang Filipino ang bata sa konteksto ng pandemya. Kung nakikita ng lipunan ang pangangailangan na gipitin ang mobilidad ng mga bata, nais kong alamin kung paano sinisipat, pinaiigting, at/o tinatawaran ng mga akda ang kapangyarihan ng bata na unawain at alpasan ang mga banta, limitasyon, at pagbabago sa ilalim ng pandemya.

Pumili ako ng pitong (7) aklat pambata na naglalagay ng batang tauhan sa mga tunggaliang buhat o kaugnay ng krisis pangkalusugan. Limitado ang saklaw ng papel sa mga akdang 1) orihinal na isinulat ng isang Pilipino sa wikang Filipino, 2) piksyonal, at 3) nagtatampok ng bata bilang tauhan. Ispesipikong pinili ang mga akdang piksyon sapagkat sa pagtampok nila ng mga batang Pilipino, nailalantad nila ang mga ugnayang pangkapangyarihang nilalahukan ng mga tauhan. Makikilatis sa mga ito ang kinakaharap na tunggalian ng batang tauhan at kung ano ang kaniyang ahensiya sa pagtatakda ng resolusyon para rito. Mahihinuha mula sa naratibo kung paano lumugar, yumukod, o umalpas ang batang sabjek.

Kabilang sa napili ang serye ng mga aklat na *Tsikiting Stories: Kwentong Pambata Ukol sa COVID-19*. Nilikha at ipinalaganap ito ng Kolehiyo ng Ekolohiyang Pantao ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB) na pinangunahan ng guro nito na si Kate del Rosario sa tulong ng iba't ibang ilustrador. Libreng mada-download ang mga aklat na *Ang Mga Maskara ni Miko, Birthday Ko Araw-Araw, Isang Metro*, at *May Dagat sa Bahay Namin* sa websayt ng UPLB. Bago magwakas ang 2020, inilabas naman ng United Nations Children's Emergency Fund sa Pilipinas ang *Alas Singko* nina Edgar Belda Jr. at Allia Acosta. Dahil nagbukas na ang maraming mga tanggapan, negosyo, at pabrika noong panahong ito, pinaksa ng *Alas Singko* ang paghihintay ng batang tauhan sa bahay habang nagtatrabaho ang matatanda. Ipinalaganap ang mga aklat na ito sa Internet kung saan libre silang mada-download at mapi-print upang mabasa ng mga bata. Malinaw na bunga at pagkilala ito sa nanatiling limitasyon sa mobilidad at paggawa noong ikalawang hati ng 2020.

Nasaksihan naman ng taong 2021 ang pagkakalathala ng iba pang aklat pambatang pampandemya na ibinenta nang limbag ng mga pabliser. Kabilang na rito ang *Covidoom!* ni Luis Gatmaitan na inilathala ng OMF Literature, Inc. Bahagi ito ng seryeng *Mga Kuwento ni Tito Dok* na naglalayong ipopularisa ang medisina at agham pangkalusugan sa mga bata. Inilathala naman ng Lampara Publishing House, Inc. ang *Papuntang Community Pantry* ni Eugene Evasco noong taon ding iyon bilang pagpupugay sa proyektong Community Pantry, isang inisyatibang gumagayak sa mga miyembro ng komunidad na magbahaginan sa panahon ng krisis.

Sinusuri ko ang pitong aklat pambata sa pamamagitan ng pagdidiskurso sa bata bilang "ahente ng pagbabagong pangkalusugan" ("health change agent"). Sinasabi ng iskolar ng panitikang pambata na si Rosario Torres-Yu na mailalarawan ang dramatisasyon ng panitikang pambata sa kapangyarihan ng bata sa pagkilatis sa mga ugnayang nananalaytay sa teksto ("Usapin ng Kapangyarihan" 76). Kaya naman, tinatalunton ko ang ugnayan ng bata sa iba't ibang ahente na inilalarawan sa mga sinusuring aklat: 1) mga magulang at matatanda, 2) mga eksperto, 3) mga institusyong panlipunan at komunidad, at 4) ang mismong pandemya. Sa pamamagitan nito, maitatangi ang mga babasahing pambatang nananalig sa kapangyarihan ng batang Pilipino sa kabila ng sala-salabat na krisis.

## Kapangyarihan, kalusugan, at kabataan

Simula't sapul, ang panitikang pambata ay ideolohikal. Lumalahok ang pagbasa ng maraming aklat pambata, partikular na ang mga inilalathala ng mga dominanteng pabliser sa merkado, sa proseso ng sosyalisasyon ng mga bata sa mga kaasalan at halagahang namamayani sa isang lipunan (Moruzi, Chen, at Venzo 98; Torres-Yu, "Panitikang Pambata" 88). Kahit na walang likas na mga katangian at unibersal na karanasan ang isang bata, itinatakda ng namamayaning ugnayang pangkapangyarihan sa pagitan ng estado at merkado ang nararapat para sa isang kulturadong indibidwal na may saysay sa lipunan (Aquino 123; Fajilan 90; Tolentino 6).

Kaya naman, tigib ang mga aklat pambata ng mga batang tauhan na o nagiging "masunurin sa kapangyarihan, nababagabag sa halagahang

progresibo, at konsumer ng iba't ibang produkto" (Sy 257). Nagagawa ito ng mga awtor, ilustrador, at pabliser—malay man o hindi—sa pamamagitan ng pag-eenkowd ng mga berbal at biswal na pigura ng inaasahang "bata" (op de Beeck 20). Hindi ibig sabihin nito na minamanipula ng mga aklat pambata ang mambabasa. Lubog sa ideolohiya, nagsisilbi ang mga teksto para sa bata bilang tagapagpalaganap ng mga namamayaning halaga ng lipunan, o dili kaya'y puna o alternatibo sa mga ito (Stephens 137). Kung gayon, kinakailangang palitawin ang ispesipikong diskurso ng bata at mga karanasan nila upang matanto ang mga palagay ng awtor hinggil sa kalikasan ng pagkabata (Fajilan 96–7; Torres-Yu, "Panitikang Pambata" 94).

Sa pag-aaral na ito, pinalilitaw ang konsepto ng batang lumalahok sa pagbabagong pangkalusugan na dinalumat ng ilang kritiko tulad nina Marjorie Motreuil at Franco Carnevale, at Kristine Moruzi, Shih-Wen Sue Chen, at Paul Venzo. Susi sa diskursong ito ang palagay na mayroong ahensiya o kapangyarihan—iba-iba man ang antas batay sa samotsaring salik—ang bata sa lipunan. Ipinakakahulugan nina Montreuil at Carnevale ang "ahensiya" bilang ang sumusunod: "children's capacity to act deliberately, speak for oneself, and actively reflect on their social worlds, shaping their lives and the lives of others" (508). Masasabing sinasaklaw nito hindi lamang ang pananalita kundi ang marami pang anyo ng pagpapahiwatig tulad ng kilos ng katawan at pakikitungo ng bata sa kaniyang kapwa. Kabilang sa ahensiyang ito ang kakayahan ng bata na kumilos, hubugin ang kaniyang buhay, mang-impluwensiya ng ibang tao, at pagnilayan ang kaniyang sarili at daigdig (Hampshire et al. 702). Gayunman, kadalasang itinuturing na kasalungat ng pagkabata ang kapangyarihan; sa halip, binabalangkas ang bata bilang objek ng kapangyarihan ng matatanda at nangangailangan ng gabay at proteksiyon (Montreuil at Carnevale 502–3).

Sa ganitong paraan, at tulad ng nabanggit na, hindi maiiwasan ng panitikang pambata na lumahok sa mga ugnayang pangkapangyarihan ng lipunan bunga ng pagtugon ng anyong ito sa kakayahan at pangangailangan ng isang sektor na ang tinig ay kadalasang naisasantabi (Fajilan 99). Husto itong ipinaliwanag ni Torres-Yu sa kaniyang paghahapag ng panitikang pambata bilang lunan ng konstruksiyon ng batang Pilipino:

> Ang pananaw na isang konstruksiyon ang bata ay nai-eextend naman sa pag-iisip na may bisa ang panitikang pambata sa konstruksiyong sosyal ng mga bata. Sa pinakapangkalahatang pag-intindi rito, tinutukoy ang paniniwalang may bisa ang panitikang pambata sa pagtuturo ng mga ugali't halagahang pinapaboran at itinatampok sa isang kultura at sa lipunan sa tiyak na panahon. ("Panitikang Pambata" 88)

Isinisiwalat ng mga akdang ito ang paglulugar ng bata sa mga ispesipikong usapin batay sa namamayani at maging mga alternatibong ideolohiya. Sabihin pa, kasama na rito ang mga usapin ng pampublikong pangkalusugan na nagtatakda sa kung paano nakikitungo ang tao sa pamilya at komunidad kaugnay ng sakit at katawan (Moruzi, Chen, at Venzo 98).

Malaon nang ginagamit ang mga tekstong pinoprodyus para sa bata upang maisanaratibo ang mga katunayan ng agham (Caldwell at Falcus 4–5). Kadalasan, inilalarawan ng mga akdang ito ang bata bilang kaya at dapat maging malusog. Nilalayon ng mga diskursong pangkalusugan sa teksto na hubugin ang katawan ng mga batang mambabasa tungo sa ehersisyo, timbang na diyeta, at kalinisan ng sarili at paligid. Gayunman, ika nga nina Moruzi, Chen, at Venzo, "the terms of this engagement with health vary according to when they were published and the contemporary cultural resonances of public health at a particular time and place" (98). Sa madaling sabi, hindi pare-pareho at panghabambuhay ang kasalukuyang pagturing sa bata kaugnay ng kalusugan.

Kaya naman, masasabing umiiral ang iba't ibang balangkas ng ahensiya ng bata, at magagamit ang mga aklat pambata bilang lunsaran ng pagkilatis ng mga ito. Mailalarawan ang ahensiya ng bata sa pagbabagong pangkalusugan sa pag-unlad ng kakayahan ng bata na alagaan ang sarili laban sa sakit at tungo sa pagiging malusog habang gumugulang (Montreuil at Carnevale 504). Laganap ang paniniwala na tanging nasa kamay ng matatanda ang responsabilidad na kumalinga sa mga bata. Itinuturing na "dependent care agents" ang mga ito ng mga batang inilalarawan bilang walang kakayahan na alagaan ang sariling kalusugan (Gaffney at Moore 160). Gayunman, bagaman kinakailangan nila ng kalinga ng matatanda, maaari nilang matutuhan at masanay sa mga kaugaliang nagsusulong ng kalusugan at maunawaan ang implikasyon ng kanilang mga kilos sa kalusugan ng iba (Moruzi, Chen, at Venzo

98). Ipinapalagay nina Montreuil at Carnevale na unti-unting umuunlad ang kakayahang ito batay sa pagkamit nila ng higit pang kaalaman hinggil sa katawan at pampublikong kalusugan, na maaaring mahalaw mula sa sariling danas, paaralan, masmidya, at maging mga aklat (502–4).

Dahil nasa peligro ang bata sa krisis pangkalusugan, ibig ng mga aklat pambatang pampandemya na turuan ang bata kung paano kumilos sa paraang katanggap-tanggap sa lipunan (Caldwell at Falcus 5; Gunn et al. 363; Montreuil at Carnevale 504). Tumatayong pundasyon ng mga naratibong ito ang representasyon ng virus bilang isang banta na kailangang kalabanin (Caldwell at Falcus 9). Sa pagpapakita sa mambabasa na mayroong abilidad ang bata na umiwas sa sakit, ipinipinta ng mga aklat pambatang ito na bahagi ang bata sa mga ugnayang pangkapangyarihan ng lipunan (Moruzi, Chen, at Venzo 99). Sa ganitong gana, makikilatis sa antas-teksto ang iba't ibang pagtugon ng mga bata sa kalusugan hindi lang para sa kanilang sarili kundi pati sa iba. Maitatanong kung ano-ano ang mga tungkuling ibinibigay sa kanila sa kuwento, saan nila napupulot ang impormasyong medikal hinggil sa pandemya, at kung aktibo ba silang nagbibigay-solusyon sa mga tunggaliang kinakaharap nila. Sa pangkalahatan, ibig alamin ng pagbabalangkas sa bata bilang ahente ng pagbabagong pangkalusugan kung nasaan ang bata sa gitna ng pandemya.

## Mga kuwentong kuwarentena

Malaon nang natukoy na may bisang edukasyonal ang panitikang pambata na nagagamit sa mga paaralan, aklatan, at tahanan. Daluyan at kasangkapan ang genre na ito, paliwanag ni Torres-Yu, ng pagkatuto sa literasiya at numerasiya paris ng mga halagahan, kaugalian, at ideolohikal na pagkiling ("Panitikang Pambata" 84–5). Sa panahon ng matinding pampublikong krisis pangkalusugan, tumatangan ng malaking papel ang mga aklat pambata sa pagsisiwalat sa mga mambabasa hinggil sa iba't ibang dimensiyon ng krisis at kung paano dapat kumilos ang bata upang maging ligtas (Moruzi, Chen, at Venzo 98).

Tinugunan ng maraming manunulat para sa bata ang pangangailangang ipakilala ang usapin ng COVID-19 sa mga bata sa nakaaaliw at malikhaing paraan. Umusbong ang maraming mga aklat pambata at iba pang rekursong nagtuturo sa mga bata hindi lamang tungkol sa pag-iwas sa sakit, kundi pati na rin kung paano umangkop sa mga pagbabago sa pang-araw-araw na buhay sa tinatawag na "new normal" (Caldwell at Falcus 4). Laganap ang paglilimbag ng mga aklat na ito sa daigdig. Pakiwari nga ng kritikong si Björn Sundmark, "[COVID-19] has become the common global denominator, something that we all share. Maybe coronavirus children's literature can be that too, a shared literature?" (84) Kinilala mismo ng International Board on Books for Young People (IBBY) ang pangangailangan na maglathala ng mga aklat pampandemya, kaya naman inilunsad nito ang isang malawakang kampanya na gumigiit sa mga pabliser sa iba't ibang bansa na libreng mamahagi ng mga anti-epidemyang aklat pambata. Higit-kumulang 60 karapatang-ari sa picturebook ang ipinagkaloob sa IBBY noong panahong iyon. Nag-alok pa ang IBBY ng libreng serbisyong pampagsasalin para sa mga ito (Ying 15).

Dahil sa mga limitasyon sa mobilidad, pinili ng ilan na maglathala o magpalaganap ng mga aklat pambatang pampandemya sa Internet. Halimbawa, inilunsad ng International Collective of Research and Design in Children's Digital Books—isang pandaigdigang samahan ng mga mananaliksik, debeloper, manunulat, at ilustrador na nakabase sa Norwega—ang Corona E-books para sa mga batang mambabasa. Tinitipon ng proyektong ito ang ilang e-book na nilikha ng mga praktisyuner at edukador upang maipaliwanag ang pandemya sa paraang mauunawaan ng iba't ibang edad (Kucirkova et al. 3). Sa kabilang dako naman ng Atlantiko, itinala ng New York City School Library System ang mga aklat pambatang pampandemya na inilathala sa Estados Unidos. Noong Hunyo 2020, pumalo sa 267 ang bilang ng mga lahok sa listahang ito, at 188 rito ay nasa wikang Ingles. Kabilang sa listahang ito ang mga pisikal na aklat pambata at komiks, e-book, bidyo ng pagbasa ng aklat, at kopyang portable document format (PDF) ng mga limbag na aklat (Caldwell at Falcus 6). Sa tulong ng repositoryong ito, naging aksesible ang lokasyon ng mga tekstong makatutulong sa pag-unawa ng mga bata sa sakit at kalusugan.

Sa Tsina naman, nagkaroon ng masugid na pagsasalin at libreng pagpapalaganap ng mga orihinal na picturebook hinggil sa COVID-19 sa ibang mga bansa noong umpisa pa lang ng 2020 (Ying 14). Kabilang sa proyektong ito ang mga aklat na matatawag na "fact-fiction" na gumagamit ng mga

kamangha-mangha at fantastikong elemento tulad ng mga isinataong bagay at halimaw sa paglalahad ng impormasyong pangkalusugan sa mambabasa. Katangi-tangi rito ang kuwentong *Agan Will Win* (2020) ni A. Jiao at Ren Meng na nagpupukol din ng matalas na kritika sa mga malpraktika sa pagkitil ng mababangis na hayop para sa pagkain (Sundmark 85). Ipinakikita ng mga aklat na fact-fiction na hindi lamang usapin ng kalusugang pansarili ang COVID-19 kundi isyung ekolohikal at ekonomikal din.

Maituturing na "ligtas" na paraan ng pagtalakay sa masasalimuot na paksa tulad ng sakit, pandemya, at kamatayan ang mga aklat pambata (Caldwell at Falcus 4). Isinasaad ng marami sa mga aklat na ito na nilikha, inedit, o nirebyu sila ng mga siyentista. Idinidiin ng ganitong pagmemensahe na binibigyang pribilehiyo ang siyentipikong kadalubhasaan bilang mapagkakatiwalaang batis ng kaalaman at payo sa mga bata kung paano dapat tumugon sa krisis pangkalusugan (Moruzi, Chen, at Venzo 103). Batay sa sarbey nina Leotti, Pochinki, Reis, at Bonawitz, kalimitang nagamit ang mga aklat pambata hinggil sa pandemya sa mga impormal na karanasang pampagkatuto tulad ng mga talakayan kasama ng magulang o iba pang miyembro ng pamilya (11). Sa ganitong paraan, tumayo ang tahanan bilang ekstensiyon ng mga klasrum at klinika.

## Bata, bata, paano ka umiiwas sa sakit?

Ibinubuod sa seksiyong ito ang mga napiling aklat pambata para sa pag-aaral. Kabilang dito ang *Ang Mga Maskara ni Miko, Birthday Ko Araw-Araw, Isang Metro, May Dagat sa Bahay Namin, Alas Singko, Covidoom!*, at *Papuntang Community Pantry.* Tampok sa mga tekstong ito hindi lamang ang iba't ibang pamamaraan upang maiwasan ang virus, kundi pati ang pag-unawa at pagtingin ng mga bata sa kanilang sitwasyon.

### *Ang Mga Maskara ni Miko*

Bilang bahagi ng seryeng *Tsikiting Stories: Kwentong Pambata Ukol sa COVID-19* ng UPLB, malayang na-download ng mga mambabasa ang *Ang Mga Maskara* ni Miko ni del Rosario. Kinasangkapan ng kuwento ang samotsaring maskara upang maipaliwanag kung paano naipapasa ang virus. Nagsisimula ang kuwento ni Miko sa isang tanong: "Bakit po kaya ang lahat ng tao ngayon, nakasuot ng maskara, Tatay?" (2) Bago siya masagot ng kaniyang ama na si Mang Berto, ipinakita muna ni Miko ang iba't ibang maskara niya, tulad ng maskara ng superhero na si Batman at supot na papel na ginupitan ng dalawang butas. Ipinaliwanag ni Mang Berto sa kaniya ang pangangailangan ng pagsusuot ng "surgical mask" o facemask upang maiwasan ang virus na kumakalat sa ere. Dagli namang nakaisip ng gagawin si Miko upang malibang sa gitna ng lockdown: ang lumikha ng mga facemask na maaaring ipamigay sa iba gamit ang iba't ibang materyales sa bahay.

### *Birthday Ko Araw-Araw*

Tulad ng ibang aklat pambata sa *Tsikiting Stories*, nakatuon ang *Birthday Ko Araw-Araw* sa isang ispesipikong gawain upang makaiwas sa sakit. Sa kasong ito, tampok ang paghuhugas ng kamay sa haba ng awiting "Happy Birthday to You." Malalaman sa simula ng kuwento na kaarawan ng di-pinangalanang tauhan noong Pebrero 22. Makalipas ang isang linggo, umabot na sa balita ang pagkalat ng COVID-19. Tinanong ng batang tauhan ang iba't ibang miyembro ng kabahayan kung paano makaiiwas sa sakit. Di tulad ni Miko na kuryoso sa pagsusuot ng maskara, kinailangan ng batang tauhan sa *Birthday Ko Araw-Araw* na umasa sa matatanda para sa paglilipat ng impormasyong medikal. Bagaman hindi makikita ang mga eksperto at gobyerno sa kuwento, tumayong mga tagasalin ng kaalaman ang iba't ibang kasapi ng kabahayan sa bata. "Coronavirus ang narinig kong tawag doon mula kay Tatay," na tila iniaalingawngaw ang tinig ng doktor (del Rosario 7). "Sabi ni Nanay," na tila kinatawan ng pamahalaang nagpataw ng lockdown, "kailangan daw na manatili muna sa mga tahanan" (8). Tinuruan din siya ng kaniyang Lolo Pido kung paano maghugas nang maigi ng kamay. Ginamit ang naturang awit bilang sukat ng wastong haba ng paghuhugas, na ikinatuwa ng batang tauhan. "Ang saya! Birthday ko araw-araw!" (14)

### *Isang Metro*

Ang *Isang Metro* ay ang ikatlong aklat pambata sa *Tsikiting Stories*. Umiinog ang kuwentong ito sa talakayan ng mag-inang Marie at Ella hinggil sa isang metrong distansiya hinihingi ng pag-iwas sa COVID-19. Sa personal kong gana, kapos sa kasiningan ang sapad at payak na ilustrasyon ng aklat. Sinusubukan marahil nito na tumulad sa kapatagan ng ruler na madalas gamitin bilang metonimiya ng distansiya.

Kabaligtaran ang masasabi sa pangunahing batang tauhan ng kuwento. Dinamiko at makapangyarihan ang karakterisasyon ni Ella.

Sa simula pa lang ng kuwento, ipinakita na niya ang kaniyang pagkamatalas. “Gaano ba kalayo ang isang metro, nanay? [...] Narinig ko po kasi sa balita na kailangan daw po na isang metro ang layo tuwing pumipila sa pamilihan,” sabi niya kay Aling Marie (2). Ipinamamalas ng kaniyang pag-uusisa ang kakayahan ng batang pumulong ng impormasyon at kumpirmahin ito sa ibang kinikilala niya bilang eksperto. Pagkatapos ipaliwanag ni Aling Marie ang pagkalat ng COVID-19 at kung bakit ang mahalaga ang social distancing o paglayo ng di-iikli sa isang metro sa iba, agad na nagnilay si Ella ng iba pang maaaring gawin upang makaiwas sa sakit.

***May Dagat sa Bahay Namin***

Ang *May Dagat sa Bahay Namin* ang huling aklat pambata sa seryeng *Tsikiting Stories*. Payak ang tunggalian nina Jun-Jun, Jill, at Jena, ang mga batang tauhan ng kuwento, at kagyat din itong niresolba. Pinalalamnan ang akda ng ekstensibong paliwanag hinggil sa patakaran ng pamahalaan hinggil sa kuwarentena. “Kuya, sabik na akong pumunta sa probinsya,” sabi ni Jill kay Jun-Jun (3). Gayunman, ilang araw bago ang biyahe ng pamilya upang magbakasyon, ipinahayag ng isang reporter sa balita ang pagkalat ng COVID-19 at ang bantang mag-lockdown ang bansa. “Upang maiwasan ang patuloy na pagkalat ng virus, kailangan munang sundin ng bawat isa ang ‘Community Quarantine,’” sabi sa telebisyon (7). Inabot ng limang pahina ang pagpapaliwanag na ito ng reporter. Ikinalungkot ng mga bata ang balitang ito, kaya naglabas ng inflatable na swimming pool sina Mang Ric at Aling Belen, ang tatay at nanay ng tatlo, upang malibang ang mga bata.

***Alas Singko***

Isinasalaysay ng bata sa unang panahon ang *Alas Singko*. Hindi kaiba sa mga kuwentong pambatang pampandemya, nagsisimula ito sa pag-uusisa ng batang tagapagsalaysay: “Papasok na kaming lahat [...] Pero, bakit si Tatay lang ang nakabihis?” (Belda at Acosta 5) Ipinaliwanag ni Nanay, na naka-work-from-home noong panahong iyon, sa kaniyang anak ang pagkalat ng COVID-19 at ang mga limitasyon sa mobilidad. Hindi ikinalungkot ng bata ang pagkabalaho sa bahay dahil kasama niya ang kaniyang Nanay, Kuya, Lola, at Bunso. Ngunit napansin niyang wala sa kanila ang may oras na makipaglaro sa kaniya. Pagkauwi naman ng kaniyang Tatay mula sa trabaho sa labas, hindi sila maaaring magyakapan dahil kinakailangan muna niyang maligo.

“Bakit ayaw nila akong kalaro?” tanong ng tagapagsalaysay sa sarili (13). Malinaw na ang problema niya ay ang nabagong mga ugnayan sa pagitan ng magkakapamilya dala ng pandemya. Dahil dito, nagsulat ang pamilya ng listahan ng maaaring gawin ng batang tagapagsalaysay habang abala ang iba sa kani-kanilang gawain. Kolaboratibo ang pagdidisenyo ng iskedyul ng bata sa mga sumunod na araw, at mukhang naaliw siya sa kaniyang pag-eehersisyo, paglalaro, at iba pa. Pagsapit ng alas singko, kumpleto na ulit ang pamilya at maaari na silang magsama-sama.

***Covidoom!***

Isa sa mga aklat pambatang pampandemya na inilathala noong 2021 ang *Covidoom!* Bilang bahagi ng *Mga Kuwento ni Tito Dok*, tigib ito sa impormasyong medikal na hinabi ng awtor sa piksyonalisasyon niya ng pagkahawa sa virus. Pinasok ni Covidoom—ang palayaw ng virus sa kuwento—ang ilong ni Jonas at doon sinalakay ang baga ng bata. Isinatao ni Gatmaitan ang loob ng katawan ni Jonas upang maipakita kung paano pinahihina ng virus ang iba’t ibang sistema nito. bagaman sinubukan siyang pigilan ng mga “WBC Warriors” na kumakatawan sa white blood cells, sinalakay ni Covidoom ang “Barangay Selyula” sa baga. Doon niya nahanap si Selya Selyula. Tinurukan niya si Selya Selyula ng isang “spike” na nagpunla ng mga “baby virus” na kumalat sa buong katawan ni Jonas (8–11).

Bumabalik-balik ang naratibo sa mga nangyayari kay Jonas habang sinasalakay ni Covidoom ang kaniyang kalusugan. Sa puntong ito, nagkakalagnat na si Jonas at sumasakit na ang buong katawan niya. Dinala siya ng kaniyang mga magulang na sina Tatay Rudy at Nanay Josie sa ospital, kung saan kinumpirma ni Dr. Gatchalian na nahawahan ng COVID-19 ang batang bida. Habang nag-aagaw-buhay si Jonas, nakipagdigma ang alyansang “Immuno-Fighters” sa hanay nina Covidoom at kaniyang mga anak. Binubuo ang “Immuno-Fighters” ng WBC Warriors, “Cytokine Army,” at “Sundalong Antibodies” sa pamumuno ng isang Hepe na WBC. Nang matulungan si Jonas ng mga doktor at nars, nakapasok ang mga kawal ng “Oxygen

Patrol" na tumulong sa Immuno-Fighters sa kanilang laban (12–3, 22–3). Sa rurok ng kuwento, natalo ang hanay ni Covidoom, ngunit nang makalabas siya sa katawan ni Jonas, naghanap siya ng mga bagong mabibiktima.

***Papuntang Community Pantry***

Huling tinatalakay ng pag-aaral na ito ang *Papuntang Community Pantry*. Natatangi ang aklat pambatang ito sapagkat hindi nito tuwirang binanggit ang pandemyang COVID-19 sa berbal na teksto. Gayunman, ipinahihiwatig ito sa biswal na teksto sa pamamagitan ng ilang motif gaya ng facemask at mismong community pantry, isang proyektong umusbong sa gitna ng pandemya. Dagdag pa, padaplis itong sinambit sa parateksto—panimula at mga blurb—ng aklat ngunit hindi ito naging sentral na usapin sa tunggaliang kinaharap ng mga bata sa kuwento. Sa halip, nagbigay-tuon ito sa diwa ng pagtutulungan at bayanihan sa gitna ng krisis na kinakatawan ng community pantry, isang boluntaryong proyektong sinimulan ng artistang si Patreng Non sa Maginhawa, Lungsod Quezon. Sa pantry, maaaring mag-iwan at/o kumuha ng mga sobrang pagkain o kagamitan ang mga miyembro ng komunidad. Nang umabot ito sa balita, daan-daang boluntir sa iba't ibang dako ng Pilipinas—at sa ibang bansa pa nga—ang gumaya kay Non.

Nagsimula ito sa obserbasyon ng dalawang batang tauhan na "panahon ng anihan ngayon" (Evasco 4–5). Paalis ng bahay ang kanilang Nanay ngunit bawal sumama ang magkapatid. Wala mang paliwanag na ibinigay, nakasuot ng facemask si Nanay. Habang nagbibisikleta si Nanay sa palibot ng komunidad, nagsasalaysay ang mga bata hinggil sa kanilang paghihintay. Sa bawat madaanan ni Nanay, nakakakalap siya ng pagkain at iba pang donasyon. Dinala niya ito sa isang community pantry na pinipilahan ng mga tao. Malalaman ng mambabasa na nag-ambag pala ang kanilang pamilya sa pantry. Hiling ng magkapatid na "sana nagustuhan nila ang matatamis na kaimito at makopa" (26). Pagkabalik ni Nanay sa bahay, sumambulat sa kaniya ang isang sorpresa. Nagtayo ng sariling munting pantry ang magkapatid para sa kanilang mga kapitbahay. Nakaukit sa karatula ng pantry ang motto ng proyekto na bumubuod sa diwa ng pagbabahaginan: "magbigay ayon sa kakayahan, kumuha ayon sa pangangailangan" (31).

## Mga ahente ng pagbabagong pangkalusugan

Gaya ng mga aklat pambatang pampandemya na inilathala sa iba pang bahagi ng daigdig, inilarawan ng mga akdang Pilipino ang masalimuot at mapanganib na novel coronavirus bilang isang kauna-unawa at napangangalanang entidad. Sa pamamagitan nito, matatalos ng batang mambabasa ang kuwarentena at mga lockdown bilang bunsod ng krisis pangkalusugan (Caldwell at Falcus 8). Bukod sa pagpapangalan sa virus at pagpapakilala nito, may mga kuwentong nagsasatao rito sa pamamagitan ng biswal na representasyon upang tiyakin sa mambabasa na maaalpasan nila ang mga hamong dala ng pandemya (Cox 22; Tufail, Khan at Qureshi 423). Gayunman, tulad ng aking ipinalagay, iba-iba ang posisyon ng mga bata sa mga ugnayang pangkapangyarihang namumutawi sa bawat aklat.

***Bata bilang biktima ng pandemya***

Bagaman tunay na bulnerable ang katawan ng bata sa sakit, mainam pa rin kung mapapawi ng aklat pambata ang pagkabalisa at takot sa mga mambabasa nito upang maiparating na kaya nilang alpasan ang krisis (Caldwell at Falcus 8; Moruzi, Chen at Venzo 108). Sa kabila nito, nananaig pa rin sa ilang aklat ang estratehiya ng pagpapakita sa batang maysakit bilang malupit na leksiyon sa mga mambabasa na huwag tumulad dito at sa halip ay maging malusog. *Sa May Dagat sa Bahay Namin*, walang iniwang puwang para sa ahensiya ng hindi lamang isa kundi tatlong batang tauhan. Tila tabula rasa ang mga batang tauhan sa aklat pambatang ito. Bukod sa di-pagpapangalan sa kaniya, itinuring siya bilang walang-alam sa pagkalat ng sakit. Naging tagatanggap lamang sila ng impormasyon mula sa balita sa telebisyon. Kaiba sa ibang kuwento ni del Rosario, midya ang institusyong panlipunan na naging daluyan ng kaalamang medikal mula sa mga eksperto at patakaran mula sa gobyerno.

Dagdag pa riyan, ang mga magulang ang nagresolba ng tunggaliang kinaharap ng mga bata sa pamamagitan ng "dagat" sa bahay. "Halina kayo, mga anak! Kanina pa kayo hinihintay sa dagat," tawag ni Aling Belen (del Rosario 17). Masasabi sanang malikhain ang pagkukunwaring ito, ngunit maging ang pagtawag sa swimming pool bilang dagat ay nagmula sa matatanda. Naging piping-saksi ang mga bata—na inilawaran bilang mga walang-mukhang tauhan—sa magulang at midya, paris ng mga eksperto at gobyerno.

Sa una, masasabing nakaaliw ang kuwento ng labanan sa pagitan ng katawan ni Jonas at ng hukbo ni Covidoom. Nakapananabik na nga ang kanilang mga iringan, naging lunduyan pa ang mga ito ng pagpapaliwanag hinggil sa virus. Nailahad, halimbawa, kung bakit hindi napapansin paminsan ng white blood cells ang pagpasok ng COVID-19 sa katawan: "patuloy na nagpa-patrol ang WBC Warriors, mga naglalakihang selulang katulong sa pagdepensa ng katawan. Hindi naman nito napansin ang pagpasok ng mapagpanggap na mikrobyo. Nakatalikop na naman kasi ang spikes nito" (8). Ngunit kung bubusisiin ang naging papel ng batang tauhan sa daloy ng kuwento, hindi lamang siya naging tagatanggap ng impormasyong medikal mula sa iba kundi naging biktima pa mismo ng sakit na nagtanggal sa kaniya ng ahensiyang iwasan ang virus. Masasabi marahil na kinakatawan ng Immuno-Fighters ang tauhang bata, ngunit inilarawan sila bilang matatanda.

Madaling makita ang pag-asa ni Jonas sa kaniyang mga magulang at eksperto sa ospital tulad ni Dr. Gatchalian. Ngunit maaaninag din ang presensiya ng mga institusyong panlipunan tulad ng kapulisan at hukbong sandatahan sa talinghaga ng Immuno-Fighters. Lantarang ginagamit ng teksto ang diskursong militar sa pagsisiwalat ng mga prosesong biyolohikal. Naging sangkot pa ang institusyong medikal sa pagsusulong ng digmaan sa loob ni Jonas: "muling pinuntahan ng Immuno-fighters ang pinangyarihang giyera. Katuwang ang mga taga-Oxygen Patrol, isa-isa nilang inasikaso ang mga naapektuhang bata" (22). Lalo itong pumupukaw ng agam-agam dahil mula noong 2020, naging tudlaan na ng kritika ang mga "draconian" at "militarisadong" estratehiya ng administrasyong Duterte upang masugpo ang pandemya (Hapal 229). Sa pagbabalangkas ng krisis pangkalusugan bilang digma, nabigyang katwiran ang karahasang dulot ng kapulisan at maging militar sa mga lansangan sa ngalan ng pagkontrol sa mobilidad ng mga Pilipino (236). Kaysa ipakita sa batang mambabasa ang halaga ng pagtutulungan ng komunidad, tulad ng sa *Alas Singko* at *Papuntang Community Pantry*, inilalarawan ng *Covidoom!* ang bata bilang sabjek ng parusa kung hindi ito susunod sa mas makapangyarihan.

Sa pagkonstrak ng *May Dagat sa Bahay Namin* at *Covidoom!* sa batang Pilipino bilang mga piping-saksi sa gitna ng pandemya, hindi nila nabibigyang tuon ang kakayahan ng mga batang maging kalahok sa pagbabagong pangkalusugan sa lipunan. Ang tanging tungkuling ibinibigay ng mga kuwento sa mga batang tauhan ay manatiling ligtas sa bahay upang makaiwas sa sakit. Bagaman nakapupulot ang tatlong di-pinangalanang tauhan ng *May Dagat sa Bahay Namin* at si Jonas ng impormasyong medikal, hindi ipinakikita ang kanilang pagtanggap at pagproseso rito. Partikular na sa *Covidoom!*, naipopostura ang katawan ng batang maysakit bilang leksiyon sa mambabasa. Idinidiin man ng estratehiyang ito ang mga gawing mabuti sa kalusugan, kinakailangan nitong mamarusa ng bata upang mailahad ang punto nito (Moruzi, Chen, at Venzo 99). Kahit na kaaliw-aliw ang parehong aklat pambata, inilarawan nila ang batang Pilipino bilang biktima ng pandemya.

### ***Kapangyarihan mula sa pag-unawa sa kalusugan***

Gaya ng sa naunang dalawang aklat pambatang tinalakay, ipinakikita ng *Birthday Ko Araw-Araw* at *Alas Singko* ang batang tauhan bilang tagatanggap ng impormasyong medikal sa nakatatanda. Ngunit dito, kaysa maging piping-saksi ang bata sa pagsunod sa mga restriksiyon, tinutuunan ng pansin ng mga kuwento ang kakayahan ng batang maunawaan ang mga banta ng pandemya at iba't ibang pamamaraan ng pag-iwas sa sakit.

Sa *Birthday Ko Araw-Araw*, naging malaki ang papel ni Lolo Pido sa pagpapasa ng impormasyong medikal sa batang tauhan. Hakbang-hakbang na itinuro ng lolo ang paghuhugas ng kamay sa kaniya. Kapansin-pansin ang paglipat ng dibuho ng aklat mula sa ilustrasyon ng kuwento patungong mala-infographic na pagsisiwalat ng mga naturang hakbang (pig. 1). Dinidiinan hindi lamang ng mga payo mula sa kapamilya kundi pati ng biswal na estilo na ang bata ay tagatanggap ng kaalamang mula sa nakatatanda.

Gayunman, may transisyon ang kaalamang ito sa pagitan ng bata at matanda. Mula sa pagiging kaalamang medikal, naging tila-laro ang paghuhugas ng kamay para sa batang tauhan. Sa saliw ng awiting "Happy Birthday to You," naghugas araw-araw ang di-pinangalanang tauhan upang makaiwas sa sakit. Dagdag pa, sa munting paraan ng tauhan, isinulong din niya ang kalusugang pampubliko sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng kaalamang nadiskubre niya: "sinabi ko rin sa mga kaibigan ko pwede rin nilang maging birthday araw-araw habang itinuturo ang tamang paghuhugas ng kamay" (del Rosario 14). Mahihimigan ang halakhak ng batang tauhan sa dulo ng teksto bilang apirmasyon na lumahok siya sa resolusyon ng kuwento.




*Pig. 1. Panuto sa paghuhugas ng kamay upang maiwasan ang pagkakahawa sa sakit. Sanggunian: del Rosario,* Birthday Ko Araw-Araw *11.*

Natatangi rin ang *Alas Singko* sapagkat itinanghal nito kung papaanong maaaring magtulu-tulungan ang pamilya sa pag-angkop ng bata sa mga pagbabagong hatid ng pandemya. Padaplis lang ang pag-uwang ng kapangyarihan ng mga eksperto at mga institusyong panlipunan dito. Ipinaabot ng Nanay sa bata ang impormasyong medikal hinggil sa virus at ang patakarang kuwarentena sa bata. Ngunit hindi rito galing ang kaniyang tunggalian. Sa halip, nagmumula ito sa hindi pagpansin sa kaniya ng iba. Kumbaga, minaliit ang kaniyang tinig sa kabahayan at inilagay siya sa posisyon ng kawalang-lakas.

Kaya naman makabuluhan ang pag-uusap-usap ng pamilya hinggil sa mga maaari nilang gawin nang magkakasama sa bahay (pig. 2). Tila iginigiit ng teksto na dapat maalintana ng pamilya ang interes at kagustuhan ng bata sa pagharap sa bagong normal. Madidiskubre ng batang tagapagsalaysay na marami siyang magagawa upang maalpasan ang limitasyon sa mobilidad na dala ng pandemya dahil sa pagsisinop ng kanilang mga ugnayan sa tahanan. "Ang dami pala naming kayang gawin sa bahay," aniya (21). Tulad ng *Birthday Ko Araw-Araw*, ipinakita sa *Alas Singko* kung paano pinoproseso ng batang tauhan ang masalimuot na balita hinggil sa lockdown at impormasyong medikal tungkol sa COVID-19.


Sa mga aklat pambatang ito, nagiging kalahok ang mga batang tauhan sa resolusyon ng tunggaliang buhat ng pandemyang COVID-19. Nakaangkla ang kapangyarihan nilang kumilos tungo rito sa kanilang pagproseso ng kaalaman tungkol sa krisis. Interesante rin na parehong isinalaysay sa unang panauhan ang *Birthday Ko Araw-Araw* at *Alas Singko*. Sa tulong ng teknik na ito, masasaksihan ng batang mambabasa ang ilang paraan upang makaangkop sa mga pagbabago sa kaniyang pang-araw-araw na buhay. Kung tutuusin, ika nga ng iskolar ng panitikang pambata na si Lalaine F. Yanilla Aquino,

> For the readers, the act of reading is also an act of becoming. The child-readers (or listeners, in the case of children who cannot read yet but who listen to the story read to them) may tell what they are like or what they would like to be by discovering things that they share with the characters in the story (their resemblances) or things that make them different from the characters (their distinctions). (124)

Mahalagang mabigyan ng espasyo ang batang mambabasa na makilala ang kanilang sarili sa pamamagitan ng mga tauhang nagsasalaysay sa kuwento. Kunsagayon, masasabing nakikiramay ang mga tauhan ng dalawang naturang aklat pambata sa mambabasang nabalaho ng mga kuwarentena at lockdown. Mula naman sa pagpapalitang-loob ng batang tekstwal at batang awdyens, maaaring mayakap ng mambabasa ang mga posibilidad sa tahanan sa kabila ng limitasyon sa mobilidad.

***Mga makapangyarihang bata sa gitna ng krisis pangkalusugan***

Kung itinatanghal ng *Birthday Ko Araw-Araw* at *Alas Singko* ang makapangyarihang pagproseso ng bata sa krisis pangkalusugan, ipinakikita naman ng *Ang Mga Maskara ni Miko*, *Isang Metro*, at *Papuntang Community Pantry* ang ahensiya ng batang Pilipino na magsulong ng kalusugang pampbuliko. Tulad ng ipinakikita ng iba pang aklat pambatang pampandemya ni del Rosario, tagatanggap ng impormasyon hinggil sa COVID-19 ang bata sa *Ang Mga Maskara ni Miko*. Sa pagsisimula ng kuwento, bihag si Miko ng mga limitasyong bitbit ng pandemya at ito ang naging tulak niya sa pag-usisa hinggil sa pagsusuot ng facemask. Mahihimigan ang ugnayan ng batang tauhan sa iba pang ahente sa kuwento sa talakayan niya kasama ng ama. Una, malinaw na si Mang Berto ang tagapamagitan ng impormasyon hinggil sa COVID-19 para sa dalawang ahenteng wala sa pisikal ngunit mahihimigan sa talakayan ng mag-ama: ang mga ekspertong medikal at ang pambansang gobyerno. "Pwedeng magkaubo, lagnat, pananakit ng katawan, lalamunan o tiyan ang isang tao na magkakasakit nang dahil sa virus na ito,"




*Pig. 2. Paglilista ng mga maaaring gawin sa bahay sa kabila ng mga pagbabago sa kanilang ugnayan sa tahanan buhat ng pandemya. Sanggunian: Belda at Acosta,* Alas Singko *17.*

paliwanag niya kay Miko (7). Mababatid sa kaniyang tuluyang pangangatwiran ang wastong impormasyong medikal na magmumula lamang sa eksperto.

Bukod dito, pinayuhan niya ang anak na magsuot ng face shield: "Pinoproteksyunan din nito ang mata at buong mukha para mas ligtas" (9). Matatandaan na naging pampublikong debate pa sa Pilipinas ang bisa nito lalo na noong 2020, ngunit naging malaki ang tiwala ng administrasyong Duterte sa pagsusuot ng face shield laban sa virus kahit na wala pa itong batayang siyentipiko noong panahong iyon (Gita-Carlos). Tila pagpapatotoo ng kaalamang medikal mula sa pambansang gobyerno ang pagiging tiyak ng aklat hinggil sa bisa ng face shield.

Kahit na nanatiling tagatanggap ng kaalaman si Miko, nagtangka naman ang aklat na magpakita ng salubsob na kapangyarihan sa kamay ng bata. Makabuluhan ang kaniyang pagtahi kasama ng magulang ng mga maskara na maaaring magamit ng iba (pig. 3). Nailulugar ng kuwento ang isang pamamaraan ng pag-iwas sa sakit bilang libangan sa batang aburido na sa bahay. Sa ganitong paraan, naibabalangkas ni del Rosario ang pagmithi ng mabuting kalusugan para sa sarili at iba bilang bahagi ng danas ng pagkabata.

Kasiya-siya rin ang representasyon ni Ella sa *Isang Metro* kung pag-uusapan ang kapangyarihan at kalusugan. Naging daluyan si Aling Marie ng impormasyong medikal mula sa mga eksperto (halimbawa, ang tamang paraan ng paghuhugas ng kamay) at patakarang ipinataw ng pamahalaan (tulad ng social distancing), at naging tagatanggap ang batang tauhan nito. Datapwat hindi lamang niya ito sinunod tulad ng di-pinangalanang tauhan ng *Birthday Ko Araw-Araw*. Sa halip, naging malikhaing puwersa si Ella ng kuwento sa pag-igpaw niya sa iba't ibang limitasyong itinakda ng krisis pangkalusugan. Naghahandog ang *Isang Metro* sa batang mambabasa ng kaalamang medikal mula sa ulirat ng bata sa pamamagitan ng laro at pagkukunwari, mga di-mapapalitang danas ng pagkabata na itinuturing pa ngang batis ng mapanlikhang kapangyarihan (Cecire 2–4). "Hindi naman po pala masyadong malayo ang isang metro," pagmumuni ni Ella na tila naalpasan na ang hamon ng pandemya (del Rosario 15). Mauulinigan sa kaniyang pahayag ang pagproseso sa kaniyang sitwasyon.

Malaon sa kuwento, ipinakita ni del Rosario ang potensiyal ng bata na maging malikhain sa kaalamang natatanggap niya. Nang sabihan si Ella ni Aling Marie na "iwasan din munang makipagkamay sa ibang tao,"




*Pig. 3. Paglikha ni Miko ng mga maskarang maipamimigay niya kasama ng kaniyang pamilya. Sanggunian: del Rosario,* Ang Mga Maskara *11.*

agad na iminungkahi ni Ella na "pwedeng kumaway, Nanay! Pwede ring mag 'small heart'" (11). Isang araw, nakita naman niya ang kaniyang kapitbahay na si Julie, nakadungaw sa kabilang bintana. Sa kabila ng isang metrong distansiya, "naglaro ng 'bato-bato pik!' ang magkaibigan na nakadungaw" (16). Labas pa sa pagyakap ni Ella sa mga posibilidad sa maliit na espasyong iniwan ng pandemya sa mga bata, naging tungkulin ng tauhan ang mag-isip ng iba't ibang paraan upang mailipat sa ibang bata ang kaniyang natutuhan hinggil sa krisis pangkalusugan.

Hindi rin maikakaila ang talab ng kuwentong *Papuntang Community Pantry* sa pagtatampok ng batang ahente ng pagbabagong pangkalusugan. Sa una, naging sabjek sila ng limitasyon sa mobilidad na ipinataw ng kanilang Nanay batay sa impormasyong nakuha niya marahil sa mga eksperto at gobyerno. Dito pa lamang, ipinakita na ng magkapatid na may ulirat na sila sa kanilang responsabilidad na protektahan ang sariling katawan. Ngunit nakita rin nila ito bilang tulong sa iba: "Hintay, ambag namin ito" (18). Responsable sila hindi lamang sa sarili kundi sa mga nakatira sa kanilang komunidad. Hinigitan pa nila ang pagtatanghal ng ahensiya laban sa pandemya nang itatag nila ang sariling community pantry. Ito na marahil ang rurok ng kapangyarihan na naipakita ng batang Pilipino sa mga aklat pambatang pampandemya sa bansa. Hindi lamang sila responsable sa kalusugan nila at ng iba, kundi maaari silang maging bahagi ng paghilom ng komunidad sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at pagbibigayan.

Pinatutunayan ng tatlong aklat pambata, lalo na ng *Papuntang Community Pantry,* ang tinatawag nina Caldwell at Falcus na "generational model of resilience versus vulnerability" (12). Ipinapalagay ng naturang modelo na dagdag pa sa kakayahan ng mga batang protektahan ang kanilang mga sarili sa sakit, may pagnanais at kakayahan din silang tumulong sa pagsagip sa iba. Bagaman limitado ang kakayahang ito, maaaring magmula sa kanilang pagnanais na magsulong ng kalusugan ng iba ang pagtagos ng kanilang ahensiya sa mga gawaing pangkalusugan ng mas malawak na lipunan. Siyang tunay, "without the cooperation of others, the coronavirus cannot be stopped, so the texts imply that all children have a duty to tell others how to protect themselves and others from the virus" (Moruzi, Chen, & Venzo 2022, 101). Tila sinasabi ng tatlong aklat pambatang binasa na kung biktima ang bata sa isang krisis, sangkot din siya sa solusyon dito.

### *Iba't ibang antas ng kapangyarihan*

Lumilitaw sa mga naunang talakay ang nagkakaibang pagpoposisyon sa bata sa gitna ng krisis pangkalusugan. Kadalasang nagiging tulay ang mga magulang at iba pang miyembro ng kabahayan ng paglilipat ng impormasyong medikal sa pagitan ng bata at mga eksperto o gobyerno. Inaasahan na ito sapagkat pinagbawalan sa Pilipinas ang paglabas ng mga batang may edad 21 pababa sa ilalim ng kuwarentena. Sa kabila nito, nailalarawan ng ilang teksto ang pagproseso ng mga bata sa impormasyong ipinasa sa kanila. Naging giya naman sa huling tatlong

tekstong binasa ang kapangyarihan ng mga batang tauhan na umunawa para sa paglahok nila sa resolusyon ng mga kuwento.

Sa mga tekstong sinusuri, makikitang hindi palaging ibinabalangkas ang bata bilang katawan lamang na maaaring mahawaan ng sakit. Ipinakikita rin kung paano sila makatutulong sa pagsusulong ng kalusugan ng komunidad. Gayunman, hindi pantay-pantay ang antas ng kapangyarihan ng batang Pilipino sa salaysay ng bawat aklat. Ibinubuod ng talahanayan 1 ang mga ugnayang pangkapangyarihan na isiniwalat ng mga napiling aklat.

**Talahanayan 1**. *Buod ng lambat ng kapangyarihan sa bawat aklat pambatang pampandemya. Inilalarawan sa mga sumusunod na kahon ang pagturing sa bata kaugnay ng iba pang ahente sa mga kuwento.*

| **Aklat** | **Bata sa magulang at iba pang miyembro ng kabahayan** | **Bata sa mga eksperto tulad ng mga doktor, nars, at siyentista** | **Bata sa mga institusyong panlipunan tulad ng gobyerno** | **Bata sa pandemyang COVID-19** |
|---|---|---|---|---|
| *Ang Mga Maskara ni Miko* | Tagatanggap ang bata ng impormasyong medikal, at saksi ang magulang sa pagproseso ng bata rito. | Tumayong daluyan ng kaalamang eksperto ang mga magulang. | Tumayong daluyan ng patakaran ng pamahalaan ang mga magulang. | Naging malikhain sa pagtugon sa pandemya at nagpakita ng responsabilidad sa kalusugan ng sarili at iba. |
| *Birthday Ko Araw-Araw* | Tagatanggap ang bata ng impormasyong medikal. | Tumayong daluyan ng kaalamang eksperto ang mga magulang. | Tumayong daluyan ng patakaran ng pamahalaan ang mga magulang. | Niresolba ng nakatatanda ang tunggaliang kinaharap ng bata. |
| *Isang Metro* | Tagatanggap ang bata ng impormasyong medikal, at saksi ang magulang sa pagproseso ng bata rito. | Tumayong daluyan ng kaalamang eksperto ang midya at mga magulang. | Tumayong daluyan ng patakaran ng pamahalaan ang midya at mga magulang. | Naging malikhain sa pagtugon sa pandemya at nagpakita ng responsabilidad sa kalusugan ng sarili at iba. |
| *May Dagat sa Bahay Namin* | Tagatanggap ang mga bata ng impormasyong medikal. Binigyan ng solusyon ng magulang ang tunggalian ng mga batang tauhan. | Tumayong daluyan ng kaalamang eksperto ang midya at mga magulang. | Tumayong daluyan ng patakaran ng pamahalaan ang midya at mga magulang. | Niresolba ng nakatatanda ang tunggaliang kinaharap ng bata. |
| *May Dagat sa Bahay Namin* | Tagatanggap ang mga bata ng impormasyong medikal. Binigyan ng solusyon ng magulang ang tunggalian ng mga batang tauhan. | Tumayong daluyan ng kaalamang eksperto ang midya at mga magulang. | Tumayong daluyan ng patakaran ng pamahalaan ang midya at mga magulang. | Niresolba ng nakatatanda ang tunggaliang kinaharap ng bata. |
| *Alas Singko* | Tagatanggap ang bata ng impormasyong medikal, at saksi ang pamilya sa pagproseso ng bata rito. | Tumayong daluyan ng kaalamang eksperto ang pamilya. | Tumayong daluyan ng patakaran ng pamahalaan ang pamilya. | Naging malikhain sa pagtugon sa pandemya at nagpakita ng responsabilidad sa sariling kalusugan. |
| *Covidoom!* | Tagatanggap ang bata ng impormasyong medikal. Binigyan ng solusyon ng magulang ang tunggalian ng mga batang tauhan. | Tuwirang inalalayan ng mga ekspertong medikal ang bata. | Kinatawan ng prosesong biyolohikal ang mga institusyong panlipunan tulad ng kapulisan at militar. | Niresolba ng nakatatanda ang tunggaliang kinaharap ng bata. |

Natatangi ang mga kuwentong *Ang Mga Maskara ni Miko, Birthday Ko Araw-Araw at Isang Metro* ni del Rosario, *Alas Singko* nina Belda at Acosta, at *Papuntang Community Pantry* ni Evasco dahil ipinakita nila kung paano makaiigpaw ang mga bata sa mga restriksiyong ipinataw sa kanila sa malilikhaing paraan. Kinakatawan ng mga tauhan sa mga naturang teksto ang ubod ng ahensiya ng bata sa gitna ng krisis pangkalusugan: "the capacity to engage with health knowledge and skills, playing an active role in meeting their own health needs and influencing the choices of others regarding health behaviors" (Montreuil at Carnevale 5). Tampok sa mga ito ang mga batang naging aktibong ahente ng pagbabagong pangkalusugan na responsable hindi lamang sa kanilang kalusugan kundi pati na rin ng sa iba.

## Kongklusyon

Tumindig ang pag-aaral na ito sa asersiyon ng mga iskolar sa aralin sa pagkabata na ang bata ay may kapasidad na matutuhan ang mga paraan upang mapabuti ang kanilang kalusugan habang tumatanda. Tinasa ang pitong napiling aklat batay sa ugnayan ng batang tauhan sa iba pang ahente sa mga kuwento: magulang o iba pang matatanda sa bahay, eksperto tulad ng doktor, nars, at siyentista, iba't ibang institusyong panlipunan na kinakaharap o nilalahukan ng bata tulad ng komunidad o ang pambansang gobyerno, at, upang malagom sa mga ugnayang ito, ang COVID-19 at pandemya mismo bilang malawakang lambat ng kapangyarihan.

Tulad ng ipinaliwanag sa mga nagdaang talakay, makikitang hinuhubog ng ilang aklat pambatang Filipino ang bata bilang ahente ng pagbabagong pangkalusugan na hindi lamang tagatanggap ng payo kundi tagapagpamudmod ng kaalaman at kalahok sa paglansag sa pandemya. Inialingawngaw naman ng iba ang namamayaning mga diskurso hinggil sa pag-asa ng bata sa kaalaman at kasanayan ng matatanda. Ngunit sa pangkalahatan, malaking bagay na para sa kabataang Pilipino ang pagkakalathala ng mga aklat pambatang sinuri sa pag-aaral na ito. Iba-iba man ang antas ng kapangyarihang namumutawi sa bawat isa, pare-pareho nilang iminumungkahi ang pagbasa mismo bilang paraan ng pag-alpas ng bata sa maliit na espasyong ginagalawan niya.

Hindi matatawaran ang kahalagahan ng mga aklat pambata sa paghahatid ng bagong kaalaman sa mga edad na kanilang tinatarget dahil kadalasang umaasa pa ang mga ito sa kaalaman ng iba (de Dios 10). Nakatutuwa na marami sa mga aklat pambatang pampandemya sa Pilipinas ay nasa anyong dihital at isinulat sa wikang Filipino sapagkat nagiging mas aksesible ang mga ito sa Pilipinong mambabasa. Ngunit dahil limitado lamang ang pananaliksik na ito sa mga kuwentong pambata, mainam ding mabalikan at mapag-aralan ang mga aklat-pangkulay, aklat-aktibidad, at iba pang akdang di-piksyon nang magkapagpanday ng mas malalim na pag-unawa sa diskurso ng pagkabata kaugnay ng kalusugan.

Nariyan ang *Kabataan Laban sa COVID-19: Isang Kuwento-Pangkulay na Libro* nina Aris Larroder, Jenn Christel Sampiano, at Luke Daniel Socrates, isang aklat-pangkulay na inilathala at ipinamigay nang libre ng Philippine Science High School Western Visayas noong 2020; *Mahal na mga Frontliner* ni Evasco, isang akdang epistolaryo na dumadakila sa mga frontliner tulad ng mga doktor, nars, at iba pang manggagawa na patuloy na naglingkod sa bayan sa kabila ng banta ng pandemya; *Maging Ligtas sa Coronavirus* ni Evasco, isang di-kathang aklat pambata na tumatalakay sa iba't ibang paraan ng pagiging ligtas sa gitna ng pandemya; *Tultulis, Turturok at Tuktusok: Kuwento ng Pagtuklas sa Coronavirus* ni Natasha Vizcarra na nagtuturo sa mga bata hinggil sa kalikasan ng novel coronavirus; *Si Doctor Li at ang Nakakoronang Virus* ni Claudia Flandoli, na isinalin sa wikang Filipino ni Evasco mula sa Ingles; at ang *Sarilaysay,* isang aklat-aktibidad, at *Ang Mga Eroplanong Papel*, mga inilarawang interbyu sa mga batang naapektuhan ng pandemya, ng Japan International Cooperation Agency (JICA). Bagaman kawili-wili at mahalaga rin ang mga aklat na ito, hindi sila sinaklaw ng kasalukuyang pag-aaral na may tuon sa mga akdang piksyonal at nasa anyong tuluyan. Mainam na makilatis din ang mga ito upang makabuo ng mas malawak na dalumat ng batang Pilipino sa gitna ng krisis pangkalusugan.

Masasabing napatunayan na ng mga napiling teksto na may kakayahan ang batang mambabasa na tumanggap ng mahalagang impormasyong medikal na makatutulong sa sariling kalusugan at kapakanan ng komunidad. Dagdag pa, tunay na mapupuri ang naturang apat na aklat na nanalig sa kakayahan ng batang Pilipino na mag-ambag sa pagbabagong

panlipunan. Kaysa alingawngawin ang tagubilin ng administrasyong Duterte sa publiko na "manatili sa bahay" at "huwag maging pasaway," pinatingkad nila ang tinig ng mga batang nagdesisyong tumulong sa pagpuksa ng pandemya at nagsabing "dito lang kami sa aming bahay."

## Mga Akdang Binanggit


Aquino, Lalaine F. Yanilla. "A Stylistic Analysis: Personal and Community Identity as Represented in the Language of Stories for Children." *Journal of English Studies and Comparative Literature*, tomo 13, blg. 1, 2013, mp. 122–149.

Bawagan, Aleli, Rose Angelie Hernandez, at Celeste F. Vallejos. "Sa Gitna ng Pandemya na COVID-19: Pagtugon ng mga Manininda, Tsuper, at Mamamayan ng Pook Malinis sa UP Diliman." *Philippine Journal of Social Development*, tomo 14, blg. 1, 2021, mp. 30–58.

Belda, Edgar, Jr. at Allia Acosta. *Alas Singko*. Inilarawan ni Rachel Batislaong, United Nations Children's Emergency Fund, 2020.

Caldwell, Elizabeth at Sarah Falcus. "Little bugs and wicked viruses: Communicating the COVID-19 pandemic through picturebooks for children." *Journal of Science and Popular Culture*, tomo 4, blg. 1, 2021, mp. 3–19. https://doi.org/10.1386/jspc_00022_1.

Cecire, Maria Sachiko, Hannah Field, Kavita Mudan Finn, at Malini Roy. "Introduction: Spaces of Power, Places of Play." *Space and Place in Children's Literature, 1789 to the Present*, pinamatnugutan nina Maria Sachiko Cecire, Hannah Field, Kavita Mudan Finn, at Malini Roy, Ashgate Publishing Ltd., 2015, mp. 1–19.

Cox, Patrick. "The Child Mechanical and Adult Anxiety in Children's Literature and Culture: 'Wheels to the Rails!'" *Jeunesse: Young People, Texts, Cultures*, tomo 8, blg. 2, 2017, mp. 19–35.

de Dios, Christian Bryan O. "Children's Home Learning during COVID-19 Pandemic: The Lived Experiences of Selected Filipino Parents on Remote Learning." *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, tomo 1, blg. 2, mp. 147–58. https://doi.org/10.5281/zenodo.6523232.

del Rosario, Kate. *Ang Mga Maskara ni Miko*. Inilarawan ni Ann Fabula, Kolehiyo ng Ekolohiyang Pantao ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baňos, 2020.

---. *Birthday Ko Araw-Araw*. Inilarawan ni Shanala Kylie Pillosis, Kolehiyo ng Ekolohiyang Pantao ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baňos, 2020.

---. *Isang Metro*. Inilarawan ni Dandin Espina, Kolehiyo ng Ekolohiyang Pantao ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños, 2020.

---. *May Dagat sa Bahay Namin*. Inilarawan ni Chloe Arun, Kolehiyo ng Ekolohiyang Pantao ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños, 2020.

Evasco, Eugene. *Mahal na mga Frontliner*. Inilarawan ni Jan Rex B. Casiroman, Vibal Group, Inc., 2020.

---. *Maging Ligtas sa Coronavirus*. Inilarawan ni Pergy Acuña, Lampara Publishing House, Inc., 2020.

---. *Papuntang Community Pantry*. Inilarawan ni Aldy Aguirre, Lampara Publishing House, Inc., 2021.

Fajilan, Wennielyn F. "Pagsasatinig ng Pagkabata: Ang Varayti ng Wika sa mga Premyadong Kuwentong Pambata." *Humanities Diliman*, tomo 11, blg. 2, mp. 90–112.

Flandoli, Claudia. *Si Doctor Li at ang Nakakoronang Virus*. Isinalin sa wikang Filipino ni Eugene Y. Evasco. Lampara Publishing House, Inc., 2020.

Gaffney, Kathleen Flynn at Jean Burley Moore. "Testing Orem's Theory of Self-Care Deficit: Dependent Care Agent Performance for Children." *Nursing Science Quarterly*, tomo 9, blg. 4, 1996, mp. 160–4.

Gatmaitan, Luis. *Covidoom!* Inilarawan ni Ivan Reverente, OMF Literature, Inc., 2021.

Gita-Carlos, Ruth Abbey. "Face shield gives 'premium' protection vs. COVID-19: Duterte." *Philippine News Agency*, 11 Set. 2021, https://www.pna.gov.ph/articles/1153249#:~:text=The%20Inter%2DAgency%20Task%20Force,the%20transmission%20of%20Covid%2D19.

Gunn, AnnMarie Alberton, Susan V. Bennett, at Barbara J. Peterson. "'She Looks Like Me': Putting High-Quality Multicultural Literature in Children's Hands During COVID-19." *Journal of Research in Childhood Education*, 2021. https://doi.org/10.1080/02568543.2021.1991532.

Hampshire, Kate R., Gina Porter, Samuel Asiedu Owusu, Augustine Tanle, at Albert Abane. "Out of Reach Children? Young People's Health-seeking Practices and Agency in Africa's Newly-emerging Therapeutic Landscapes." *Social Science & Medicine*, tomo 73, blg. 5, 2011, mp. 702–10. https://doi.org/10.1016/j.socscimed.2011.06.035.

Hapal, Karl. "The Philippines' COVID-19 Response: Securitising the Pandemic and Disciplining the Pasaway." *Journal of Current Southeast Asian Affairs*, tomo 40, blg. 2, 2021, mp. 224–44.

Kucirkova, Natalia, Cecilie Evertsen-Stanghelle, Ingunn Studsrød, Ida Bruheim Jensen at Ingunn Størksen. "Lessons for child–computer interaction studies following the research challenges during the Covid-19 pandemic." *International Journal of Child–Computer Interaction*, tomo 26, blg. 1, 2020, mp. 2–7. https://doi.org/10.1016/j.ijcci.2020.100203

Larroder, Aris, Jenn Christel Sampiano at Luke Daniel Socrates. *Kabataan Laban sa COVID-19: Isang Kuwento-Pangkulay na Libro*. Philippine Science High School–Western Visayas, 2020.

Leotti, Lauren, Nicole Pochinki, Dakota Reis at Elizabeth Bonawitz. "Learning about germs in a global pandemic: Children's knowledge and avoidance of contagious illness before and after COVID-19." *Cognitive Development*, tomo 59, blg. 1, 2021, mp. 1–13. https://doi.org/10.1016/j.cogdev.2021.101090.

Montreuil, Marjorie and Franco Carnevale. "A Concept Analysis of Children's Agency within the Health Literature." *Journal of Child Health Care*, tomo 20, blg. 4, 2016, mp. 503–511.

Moruzi, Kristine, Shih-Wen Sue Chen, at Paul Venzo. "Public Health, Polio, and Pandemics: Fear and Anxiety about Health in Children's Literature." *Children's Literature in Education*, tomo 53, blg. 1, 2021, mp. 97–111. https://doi.org/10.1007/s10583-021-09439-8.

op de Beeck, Nathalie. "Picture–Text Relationships in Picturebooks." *The Routledge Companion to Picturebooks*, pinamatnugutan ni Bettina Kümmerling-Meibauer, Routledge, 2018, mp. 19–27.

Paterno, Maria Elena. "A History of Children's Literature in the Philippines." *Bumasa at Lumaya: A Sourcebook on Children's Literature in the Philippines*, pinamatnugutan nina Virgilio S. Almario, Maria Elena Paterno, Ramon C. Sunico, at Rene O. Villanueva. Anvil Publishing, Inc., 1994, mp. 9–23.

Placido, Remvert Bryan, Louise Jashil Sonido, at Judy Taguiwalo. "Network Formation in the Time of the Pandemic: The Experience of the Citizen's Urgent Response to End COVID-19 (CURE COVID)." *Philippine Journal of Social Development*, tomo 14, blg. 1, 2021, mp. 116–46.

Pombo, A., C. Luz, L.P. Rodrigues, C. Ferreira at R. Cordovil. "Correlates of children's physical activity during the COVID-19 confinement in Portugal." *Public Health*, tomo 189, blg. 1, 2020, mp. 14–9. https://doi.org/10.1016/j.puhe.2020.09.009.

Romero, Noah. "Kalayaan, katarungan, karangalan and kapwa: a provisional exploration of children's responses to the Covid-19 pandemic through Philippine virtue ethics." *Pastoral Care in Education: An International Journal of Personal, Social and Emotional Development*, tomo 39, blg. 1, 2021, mp. 221–235. https://doi.org/10.1080/02643944.2021.1951340.

Singh, Shweta, Deblina Royb, Krittika Sinhac, Sheeba Parveenc, Ginni Sharmac, at Gunjan Joshic. "Impact of COVID-19 and lockdown on mental health of children and adolescents: A narrative review with recommendations." *Psychiatry Research*, tomo 293, blg. 1, 2020, mp. 1–10.

Sundmark, Björn. "Children's Covid-19 Literature." *Bookbird: A Journal of International Children's Literature*, tomo 58, blg. 3, 2021, mp. 84–85.

Stephens, John. "Picturebooks and ideology." *The Routledge Companion to Picturebooks*, pinamatnugutan ni Bettina Kümmerling-Meibauer, Routledge, 2018, mp. 137–145.

Sy, Jose Monfred. "Pagkabatang Kontra-diktadura: Alaala sa mga Aklat Pambata tungkol sa Batas Militar." *Martial Law @50: Mga Alaala at Kasaysayan ng Pagbabalikwas*, pinamatnugutan nina Francis A. Gealogo, Laurence Marvin S. Castillo, Francisco Jayme, Paolo A. Guiang, Michael D. Pante, at Reginald S. Vallejos. IBON Foundation, Inc., 2022, mp. 257–274.

Tolentino, Rolando. "Pinag-aagawang Bata sa Panitikang Pambata: Folklore, Media at Diskurso ng Bata." *Malay*, tomo 21, blg. 1, 2008, mp. 1–11.

Torres-Yu, Rosario. "Panitikang Pambata, Edukasyon, at Konsepto ng Bata: Mga Palaisipan at Panukala." *Humanities Diliman*, tomo 8, blg. 1, 2011, mp. 80–99.

---. "Usapin ng Kapangyarihan at Muling Pagsasalaysay ng Carancal." *Lagda: Journal ng U.P. Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas*, tomo 10, blg. 1, 2015, mp. 73–106.

Tufail, Huda, Mamona Yasmin Khan, at Dr. Uzma Qureshi. "Visual representation of COVID-19 in children's literature: A Semiotic Analysis." *Sir Syed Journal of Education and Social Research*, tomo 4, blg. 2, 2021, mp. 423–430.

Vizcarra, Natasha. *Tultulis, Turturok at Tuktusok: Kuwento ng Pagtuklas sa Coronavirus*. Inilarawan ni at Jamie Bauza, isinalin ni Eugene Evasco, Tahanan Books for Young Readers, 2021.

World Health Organization: WHO. "Statement on the fifteenth meeting of the IHR (2005) Emergency Committee on the COVID-19 pandemic." *World Health Organization*, 5 May 2023, https://tinyurl.com/WHOCOVID19May2023. Inakses 1 Marso 2024.

Ying, Shi. "On Translation and Dissemination Mode of Chinese Original COVID-19 Picture Books in the Era of Digital Globalization." *English Language, Literature & Culture*, tomo 6, blg. 1, 2021, mp. 14–17.